



Wikang Filipino sa Trabaho: Komunikasyon, Propesyonismo, at Pagkakakilanlan

Lizabeth G. Ringor

Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000

Corresponding email: lringor@zppsuh.edu.ph

Sa lugar ng trabaho, ang wika ay hindi lamang ginagamit upang magbigay ng instruksyon, magsulat ng email, o makipag-usap sa kliyente. Ginagamit din ito upang bumuo ng tiwala, ipakita ang propesyonismo, makipag-ugnayan sa mga katrabaho, at ipahayag ang pagkakakilanlan. Sa Pilipinas, kung saan natural ang paggamit ng Filipino, English, at mga wikang rehiyonal, nagiging mahalagang tanong kung ano ang lugar ng Filipino sa modernong workplace.

Hindi maikakaila ang malakas na posisyon ng English sa maraming propesyon. Sa mga industriya na nakikipag-ugnayan sa international clients, partikular sa business-process outsourcing at iba pang global services, madalas itong ituring na mahalagang professional skill. Gayunman, ipinakita nina Tupas at Salonga (2016) na ang paggamit ng English sa Philippine call-center industry ay may kasamang magkasalungat na ideolohiya. Sa isang banda, nakikita ng mga manggagawa ang English bilang mahalagang kapital sa trabaho. Sa kabilang banda, nakararanas sila ng pressure na sumunod sa American Standard English at sa ideyang mas mataas ang halaga ng native-speaker varieties.

Ipinapakita nito na ang professional communication ay hindi lamang usapin ng grammar at vocabulary. May kasamang social expectations ang pagpili ng wika. Kapag ang isang empleyado ay pinipilit gumamit ng isang partikular na variety upang maituring na “professional,” maaaring maapektuhan ang kaniyang confidence at sense of identity. Sa halip na simpleng competency issue, nagiging usapin din ito ng linguistic power.

Mahalaga rito ang konsepto ng Philippine English. Hindi dapat awtomatikong ituring na maling English ang variety na nabuo mula sa karanasan at linguistic resources ng mga Pilipino. Sa pag-aaral ni Gonzales (2017), binigyang-pansin ang Philippine Englishes bilang mga lehitimong linguistic varieties na kailangang maunawaan sa kanilang sariling sociolinguistic context. Ang pagkilala sa Philippine English ay mahalaga dahil ang workplace communication ay hindi nangyayari sa isang linguistic vacuum. Ang paraan ng pagsasalita ng isang empleyado ay maaaring magdala ng kaniyang kultura, educational background, at national identity.

Mas malinaw ito sa karanasan ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa. Sa pag-aaral nina Dumanig et al. (2020), nakita na ginagamit ng Filipino migrant workers sa Malaysia ang Philippine English at code-switching bilang bahagi ng kanilang pakikipag-ugnayan sa workplace. Ang kanilang lexical choices, pronunciation, accent, at language switching ay naging paraan upang maipakita at ma-reconstruct ang kanilang Filipino identity habang umaangkop sa multilingual at multicultural workplace.

Ang ganitong proseso ay nagpapakita na maaaring magkasabay ang accommodation at identity. Kailangang matutunan ng isang empleyado ang communication practices ng kaniyang organisasyon, ngunit hindi nangangahulugang kailangan niyang burahin ang kaniyang linguistic identity. Sa halip, maaaring maging mas flexible ang kaniyang repertoire. Maaari siyang gumamit ng English sa formal





correspondence, Filipino sa pakikipag-ugnayan sa kapwa Pilipino, at regional language sa mga sitwasyong mas natural itong gamitin.

Gayunman, hindi lahat ng workplace ay nagbibigay ng pantay na espasyo para sa multilingualism. Sa pag-aaral ni Lising (2023) sa Filipino skilled migrants sa Australia, ipinakita kung paano nakararanas ang mga migrant workers ng pressure na matuto at gumamit ng English sa workplace. Ang language learning ay maaaring maging bahagi ng employment requirements, ngunit ang mismong work environment ay hindi palaging nagbibigay ng sapat na pagkakataon para sa meaningful interaction at language development. Ipinapakita nito na ang professional language competence ay hindi lamang responsibilidad ng empleyado; may papel din ang workplace environment.

Dahil dito, maaaring magkaroon ng mas inclusive workplace language policy sa Pilipinas. Hindi kailangang alisin ang English upang palakasin ang Filipino. Sa halip, dapat kilalanin kung kailan epektibong gamitin ang bawat wika. Sa customer service, halimbawa, maaaring maging mas natural at relational ang Filipino. Sa international correspondence, maaaring kailanganin ang English. Sa mga lokal na komunidad, maaaring mahalaga ang regional languages. Ang pagiging propesyonal ay hindi dapat nakabatay lamang sa paggamit ng isang wika.

Mahalaga ring turuan ang mga empleyado ng communication flexibility. Ang isang mahusay na professional communicator ay hindi lamang marunong sa grammar. Marunong siyang pumili ng angkop na register, makinig sa linguistic needs ng kausap, at mag-adjust nang hindi nawawala ang respeto sa sariling identity at sa identity ng iba.

Sa huli, ang Filipino sa trabaho ay hindi dapat ituring na hadlang sa propesyonalismo. Maaari itong maging instrumento ng mas malinaw, mas personal, at mas inclusive na komunikasyon. Ang tunay na propesyonalismo ay hindi nasusukat sa kung gaano ka kalapit magsalita sa isang banyagang pamantayan. Nasusukat ito sa iyong kakayahang makipag-ugnayan nang malinaw, may respeto, may kakayahang umangkop, at may kamalayan sa taong iyong kausap.

Sa isang bansang maraming wika, ang modernong workplace ay dapat matutong makinig sa maraming tinig. At kabilang sa mga tinig na iyon ang Filipino— isang wikang hindi lamang para sa tahanan at komunidad, kundi maaari ring maging wika ng trabaho, serbisyo, propesyonal na ugnayan, at pagkakakilanlan.

References

- Dumanig, F. P., David, M. K., & Manan, S. A. (2020). *Transporting and reconstructing hybrid identity through language use in the work domain: Focus on Filipinos in Malaysia*. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 44(7), 558–571. <https://doi.org/10.1080/01434632.2020.1845707>
- Gonzales, W. D. W. (2017). *Philippine Englishes*. *Asian Englishes*, 19(1), 79–95. <https://doi.org/10.1080/13488678.2016.1274574>
- Lising, L. (2023). 'Speak English!': Social acceleration and language learning in the workplace. *International Journal of Bilingual Education and Bilingualism*, 26(10), 1183–1196. <https://doi.org/10.1080/13670050.2021.1955499>
- Tupas, R., & Salonga, A. (2016). *Unequal Englishes in the Philippines*. *Journal of Sociolinguistics*, 20(3), 367–381. <https://doi.org/10.1111/josl.12185>
- Panaligan, J. H., & Curran, N. M. (2022). "We are cheaper, so they hire us": Discounted nativeness in online English teaching. *Journal of Sociolinguistics*, 26(2), 246–264. <https://doi.org/10.1111/josl.12543>





TALAS

Mga balita, tampok, at sanaysay

DETALYE NG ARTIKULO

T-0000018; Natanggap: March 29, 2026; Tinanggap: March 31, 2026; Nailathala: April 2, 2026

SIPI:

Ringor, L. G. (2026). Wikang Filipino sa Trabaho: Komunikasyon, Propesyonismo, at Pagkakakilanlan. *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay*. DOI: 10.64591/4jnm6n60

KARAPATANG-AUTOR

© 2026 ng may-akda. Ang *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay* ay inilalathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.



Harness Mind
Publishing

